

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
PINAPATNUBAYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

# ANG *Bayan*



---

Espesyal na Isyu

Edisyong Pilipino

Disyembre 10, 1998

Editoryal:

## Papanagutin ang GRP sa mga Obligasyon nito sa Kasunduan sa Karapatang-tao!

**B**ilang ambag sa pagdiriwang ng ika-50 taong anibersaryo ng Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang-tao, inilalathala ng *Ang Bayan* ang espesyal na isyung ito tungkol sa Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas sa pagitan ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas (PDPP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

Makasaysayan ang Kasunduan, dahil makabuluhan itong tumutugon sa hangarin ng sambayanang Pilipino sa paggalang sa mga karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas. Sa pamamagitan nito, pormal na kinikilala ng GRP ang malawakang paglabag sa mga karapatang-tao sa bansa. Itinatakda rin ang pangangailangang gumawa ng mga kongkretong hakbang upang baguhin ang sitwasyong ito at bigyang-katarungan ang mga biktima ng pasistang panunupil at karaasan.

Ang Kasunduan ay pinagtibay ni Kasamang Mariano Orosa, Tagapangulo ng Pambansang Konseho ng PDPP noong Abril 10, 1998, at ni Pangulong Joseph Estrada ng GRP noong Agosto 7, 1998. Pero iba't ibang paraan ang ginagawa ng reaksyunaryong rehimeng US-Estrada para sagkaan ang pagpapatupad nito.

Bilang mga alyadong organisasyon ng PDPP at alinsunod sa mga



---

NANINDIGAN ANG PARTIDO AT BAGONG HUKBONG BAYAN NA DAPAT ISULONG AT PAG-IBAYUHIN ANG ARMADONG REBOLUSYON HABANG ISINUSULONG ANG NEGOSASYONG PANG-KAPAYAPAAN. ANG LANTAD NA KAWALANG-KATAPATAN AT KAWALANG-GALANG NG MGA PINUNO AT KINATAWAN NG REAKSYUNARYONG PAPET NA GUBYERNO SA SARILI NITONG LAGDA AT MGA OBLIGASYONG KUSANG INAKO SA USAPANG PANGKAPAYAPAAN AY DAGDAG PANG DAHILAN PARA MAGPURSIGE SA ARMADONG REBOLUSYON AT LALO PANG PAIGTINGIN ITO.

---

probisyon ng Kasunduan, ang Partido at Bagong Hukbong Bayan ay naninindigan na dapat ipatupad ito nang kagyat, buo at walang pasubali. Ang pagsasakatuparan nito kapwa ng PDPP at GRP ay susi sa pagpapapatuloy at pagsulong ng usapang pangkapayapaan.

## Pananaw at mga hakbangin ng GRP laban sa Kasunduan

Nilagdaan ni Estrada ang Kasunduan pero may ikinabit na sariling dagdag na ipatutupad iyon “alinsunod sa mga prosesong Konstitusyunal at ligal” ng GRP. Nang arbitraryong igiit ng mga kinatawan ng GRP ang nasabing dagdag hindi lamang sa mga pwersa ng GRP kundi maging sa mga pwersa ng PDPP, epektibong binarahan nila ang aktwal na implementasyon ng Kasunduan.

Di naglaon dinala ng mga kinatawan ng GRP ang linya ng pangangatwiran na wala silang obligasyon sa Kasunduan dahil nagkamali lamang daw ang kanilang prinsipal na si Estrada sa paglagda at pagpapatibay dito. Papayag lamang silang ipatupad ang Kasunduan at igalang ang lagda rito ng kanilang presidente, kung magpapailalim ang PDPP sa mga kundisyong mangangahulugan ng pagsuko sa kalayaan at sariling awtoridad ng rebolusyonaryong kilusan, bagay na labag sa mismong diwa at mga prinsipyong usapang pangkapayapaan na nauna nang pinagkaisahan ng dalawang panig.

Sa ganitong mga gawi, inilalantad ng GRP ang kawalan ng sinseridad sa usapang pangkapayapaan at pagdadatalawang-mukha sa usapin ng mga karapatang-tao. Pumirma si Estrada sa Kasunduan hindi para seryosong ipatupad ito, kundi para lamang makapag-astang naninindigang pabor sa mga karapatang-tao. Malinaw na hindi rin seryoso ang GRP na harapin at lutasin ang mga tunay na ugat ng digmaang sibil sa Pilipinas. Matapos ang mahigit limang taong negosasyon, hindi pa rin nito binibitiwan ang saligang layuning pasukuin lamang ang mga pwersang rebolusyonaryo sa pamamagitan ng panlilinlang at pananakot.

### **NILALAMAN**

Editoryal .....	1
Makasaysayang Dokumento .....	3
Ang pasikot-sikot na daan ng usapang pangkapayapaan .....	5
Pagtatanggol sa Rebolusyonaryong Integridad .....	6
Dalawang Pahayag .....	8

### **PANAWAGAN**

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan

Sa di nito paggalang sa Kasunduan, hinahadlangan ng GRP ang pagsulong ng usapang pangkapayapaan sa iba pang paksa sa adyenda ng kinakailangang mga fundamental na reforma at pagbabago. Hindi malayong nagtutulak ang GRP ng tuluyang pagbabsak ng usapang pangkapayapaan kasabay ng ibayong pagpapatindi pa ng pananalakay sa rebolusyonaryong kilusan at panunupil sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan.

Ang pakana ng GRP na ibasura ang Kasunduan ay udyok pangunahin ng imperyalismong US at ng pinakamasugid na instrumento nito sa bansa – ang mataas na kumand ng AFP at PNP. Sa harap ng napakalubhang krisis sa ekonomya at masiglang paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong kilusang armado, nanunulsol sila ng todong pagpapaigting ng kontra-rebolusyonaryong digma at paggamit ng kamay na bakal upang suhetuhin ang nag-aalsang mamamayan.

### **Papanagutin ang GRP!**

Bagamat gustong ibasura ng GRP, ang Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao ay dapat patuloy na ipalaganap at ipaliwanag sa malawak na masa ng sambayanan. Bagamat gusto nitong talikuran ang Kasunduan, dapat papanagutin ang GRPsa mga obligasyong inako nito, bukod sa iba pa nitong mga obligasyon sa mga demokratiko at pambansang karapatan at kapakanan ng sambayanan. Dapat militanteng igiit ng mga demokratiko at progresibong pwersa ang paggalang sa Kasunduan at ang pagpapatupad nito ng mga kinauukulan.

Lumagda ang rebolusyonaryong kilusan sa Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas na walang ilusyon mawawakasan nito ang lansakang mga paglabag ng pasistang estado sa mga demokratikong karapatan at kalayaan ng mamamayan. Gayunman, laging bukas at nakahanda ang rebolusyonaryong kilusan na makipagtulungan sa anumang pagsisikap na makatugon sa makabuluhang paraan sa mga saligang interes ng masa ng sambayanan.

Mula’t sapul, nanindigan ang Partido at BHB na dapat isulong at pag-ibayuhin ang armadong rebolusyon habang isinusulong ang negosasyong pangkapayapaan. Ang lantad na kawalang-katapatan at kawalang-galang ng mga pinuno at kinatawan ng reaksyunaryong papet na gubyerno sa sarili nitong lagda at mga obligasyong kusang inako sa usapang pangkapayapaan ay dagdag pang dahilan para magpursige sa armadong rebolusyon at lalo pang paigtingin ito. Laging handa ang mga rebolusyonaryong pwersa na sumalig sa sariling pakikibaka para makamit ang tunay, makatarungan at matagalang kapayapaan. **AB**



## Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas

# Makasaysayang Dokumento ng Pakikibaka ng Sambayanang Pilipino para sa Karapatang-tao

**T**inatalikuran ng GRP ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas sa kabilang pagkakapirma rito ng pangulo nilang si Joseph Estrada. Ang gubyernong bantog sa pambabaluktot sa mga prosesong konstitusyunal at ligal para maitaguyod ang interes ng imperyalismong US at malalaking asadero at burges-kumprador ay pilit ngayong nagtatago sa likod ng konstitusyunalismo para makaiwas sa mga obligasyong pinasukan nito sa Kasunduan.

Gayumpaman, mahalagang ipalaganap ang Kasunduan upang itaguyod ito ng malawak na masa ng sambayanang. Kung ayaw itong igalang ng GRP, hayaang maging tunay na pag-aari ito ng mamamayan. Sa pamamagitan ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka, ang masa ng sambayanang ay kayang magbigay-katuparan sa mga nilalayon ng Kasunduan, at higit pa.

Sa mahabang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka at mga negosasyong pulitikal sa bansa, wala pang iniluwal na dokumentong tulad ng Kasunduan ito, na naglalaman ng pormal na pagkilala ng reaksyunaryong gubyerno sa mga malawakang paglabag sa mga karapatang-tao sa bansa; nag-ooblige sa reaksyunaryong gubyernong kilanlin ang buong saklaw ng mga karapatang-tao laluna ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, maralitang lunsod, manggagawang migrante, pambansang minorya, kababaihan, kabataan at mga bata; nagtatakda ng mga kongkretoong hakbang para ituwid ang mga paglabag sa mga karapatang-tao at bigyan ng katarungan ang mga biktima; at kumikilala sa sariling integridad ng rebolusyonaryong kilusan at nagbibigay dito ng karampatang pwesto sa pagharap at paglutas sa mga kaso ng paglabag sa mga karapatang-tao.

### **Buong saklaw ng mga karapatang-tao**

Itinataguyod ng Kasunduan ang buong saklaw ng mga karapatang-tao sa larangan ng pulitika, ekonomya, lipunan at kultura. Ginagarantiyanito ang mga demokratikong karapatan ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, maralitang lunsod, manggagawang migrante, pambansang minorya, kababaihan, kabataan at mga bata.

Ang Artikulo 2 ng Ikatlong Bahagi ng kasunduan ay naglalaman ng 25 malinaw na probisyong hinggil sa saklaw ng mga karapatang-tao. Tampok sa

mga ito ang karapatan ng mamamayan sa kapaki-pakinabang na empleyo at makataong kundisyon sa paggawa, libreng edukasyon hanggang hayskul at batayang serbisyo pangkalusugan; at karapatang tutulan ang isang mapang-api at tiranikong rehimeng. Tahasang kinilala ang karapatan ng mga magbubukid na magmay-ari ng lupang sinasaka. Kinilala rin ang reforma sa lupa bilang pangunahing hakbang para kamtin ang demokrasya at katarungang panlipunan.

Itinatakda ang pagbibigay-katarungan sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao. Iginagalang at itinataguyod sa Kasunduan ang hangarin sa indemnifikasiyon ng mga biktima ng paglabag sa mga karapatang-tao ng pasistang diktadurang Marcos. Inooblige rin ang GRP na repasuhin ang mga kaso, kilanlin at palayain ang mga bilanggong pulitikal.

Upang hadlangan ang paglabag sa mga karapatang-tao, dapat gumawa ng mga hakbang ang GRP upang mapawalambisa ang mga mapanupil na batas, dekredo at kautusang ehekutibo.

### **Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas**

Ang Ikaapat na Bahagi naman ng kasunduan ay naglalaman ng mga

## Gen. Order 66 at 67

Pres'l Decree 1866	nag-aawtorisa sa mga tsekpoyn, panghalughog nang walang mandamyento.
Pres'l Decree 169	nagpapahintulot sa pagsasampa ng kasong iligal na pag-iingat ng baril sa mga kasong pulitikal
Batas Pambansa 880	nag-oobliga sa mga doktor na iulat sa pulisya o militar ang mga kaso ng mga pasyenteng may tama ng baril
Executive Order 129	naglilimita at kumukontrol sa karapatan sa malayang pagtitipon
Executive Order 264	nag-aawtorisa sa demolisyon ng mga komunidad ng mga maralitang lunsod
Executive Order 272	nagtayo sa Citizens Armed Forces Geographical Units (CAFGU)
Memo Circular 139	nagpapahintulot sa imposisyon ng mga blokeyo ng pagkain
Admi Order 308	nagtatayo ng pambansang sistema ng identipikasyon
	nagpapahaba sa pinahihintulutang tagal ng detensyon

## *Mga Batas at Dekreto na dapat ipawalambisa ng rehimeng US-Estrada alinsunod sa Komprehensibong Kasunduan*

partikular na probisyon hinggil sa paggalang sa internasyunal na makataong batas. Pinagtibay nito ang mga pandaigdigang instrumentong sumasaklaw sa mga batas ng digmaan at protokol na dapat sundin ng mga nagtutunggaling pwersa sa isang gera sibil. Ang mga pamantayang itinataguyod nito ay higit pa sa nakasaad sa Mga Kumbensyon ng Geneva ng 1949 at Protocol I ng 1977.

Ang mga prinsipyo ng internasyunal na makataong batas ay inilalapat sa:

- mga myembro ng mga armadong pwersa na sumurender na o nagsalang na ng kanilang sandata;
- mga nalagay sa katayuang *hors de combat* (wala sa katayuang lumaban) dahil sa sakit, sugat o anumang dahilan;
- mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong labanan; at,
- mga kamag-anak at awtorisadong kinatawan ng mga taong nabanggit sa itaas.

Ipinagbabawal ng Kasunduan ang anumang uri ng paglapastangan sa mga karapatan ng sinumang naihanay sa itaas sa lahat ng pagkakataon at sirkunstansya. Ang mga sibilyan ay pinag-iiba sa mga mandirigma at kung gayon ay di dapat maging target ng pambomboma, istrapping, panganganyon, pagmomortar at panununog. Ayon sa Kasunduan, dapat repasuhin at baguhin ng AFP at PNP ang mga programa, proyekto, kampanya at gawi tulad ng pwersahang pagpapalikas at rekonsentrasyon (*hamletting*) ng mga sibilyan na nagreresulta sa pagkawasak ng buhay, kabuhayan at ari-arian ng mamamayan.

Hindi maaaring maging target ng anumang pag-atake ang mga tauhan at pasilidad ng mga eskwelahan, propesyong medikal, institusyon relihiyoso, lugar ng pagsamba, mga sentro ng ebakwasyon at mga programa at proyektong panaklolo.

Itinatakda rin ng Kasunduan ang pagrepasso ng GRP sa patakaran o kalakaran nitong magbuo ng mga grupong paramilitar tulad ng Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) at Civilian Volunteers' Organization (CVO). Isinaad rin ang karapatan ng mamamayang hilingin ang pagbawas sa mga gastusing militar upang maibaling ito sa mga proyektong panlipunan, pang-ekonomya at pangkultura.

May karapatan ang mga biktima ng pang-aabuso na kamtin ang katarungan at tumanggap ng indemnifikasiyon. May karapatan din silang igiit na imbestigahan, litisin at lapatang ng angkop na aksyong pandisiplina ang mga lumabag sa internasyunal na makataong batas. Itinatakda sa Kasunduan na kailangang maglunsad ng mga kampanyang edukasyon hinggil dito.

## Komite sa Magkasamang Pagmomonitor

Para matupad, mamonitor, makumpirma at matiyak ang pagtalima sa mga probisyon ng Kasunduan, bubuuin ang Komite sa Magkasamang Pagmomonitor. Bawat panig ay maghihirang ng tatlong kagawad at magnonombra bilang tagamasid ng dalawa pang kinatawan ng mga organisasyon ng karapatang-tao.

Ang dalawang pangunahing kinatawan ng magkabilang panig ang tatayong magkatuwang na tagapangulo ng Komite. Tatanggap sila ng mga reklamo ng paglabag sa Kasunduan at mga kaukulang impormasyon. Sa pamamaraang konsenswal, maaaring hilingin ng Komite na imbestigahan ng sangkot na partido ang reklamo laban dito at mula rito'y magrekomenda ng kaukulang aksyon.

Hindi lamang ang paglabag sa mga karapatang-tao sa kapanahunan ni Estrada ang sasaklawin ng gawain ng Komite. Maging ang malalalang pang-aabuso sa karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas ng mga nagdaang rehimeng ay rerepasuhin.

Magiging higit na makabuluhan ang komiteng ito kaysa sa Commission on Human Rights ng reaksyunaryong estado

# Ang pasikut-sikot na daan ng usapang pangkapayapaan

**S**a iba't ibang paraan, ubos-kayang ginagamit ng rebolusyonaryong kilusan ang lahat ng pagkakataon at sirkunstansya upang itaguyod ang mithiin ng sambayanan. Isa na rito ang negosasyong pangkapayapaan na nagresulta sa Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao, na sumasalamin hanggang sa isang antas sa kasaysayan, kalagayan at adhikain ng masang anakpawis.

Noong Pebrero 1989, ipinahayag ni Kasamang Luis Jalandoni sa rehimeng Aquino ang kahandaan ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas (PDPP) na simulan ang panibagong serye ng usapang pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Sinundan ito ng sulat ni Kasamang Manuel Romero (tagapangulo noon ng PDPP) sa rehimeng Aquino noong Setyembre 20, 1990 na naglatag ng mungkahing adyenda sa pormal na usapang pangkapayapaan.

Mula sa inisyatibang ito, naganap ang mga panimulang pag-uusap ng mga kinatawan ng magkabilang panig sa Singapore, Hongkong at The Netherlands. Ang serye ng *exploratory talks* ay nagbunga ng paglagda sa Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague ng Setyembre 1, 1992. Ito ang batayang dokumento na nagtakda ng layunin, balangkas at substantibong adyenda para sa pormal na negosasyong pangkapayapaan. Ipinirmi ang mga pangunahing paksa ng substantibong adyenda ng negosasyon: paggalang sa mga karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas; mga repermang sosyo-ekonomiko; mga repermang pulitikal at konstitusyunal; at pagtigil ng labanan at disputasyon ng pwersa.

Samantala, noong Hunyo 14, 1994 pinirmahan ang Pinagsamang Pahayag ng Breukelen na nagpatibay sa komitment ng magkabilang panig sa Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague at nagtakdang sa isang nyutral na bansa gaganapin ang pag-uusap. Pinirmahan din ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na nagbigay ng proteksyon sa mga kinatawan ng PDPP at GRP na kahok sa negosasyon.

Ang pormal na negosasyong pangkapayapaan ay nagsimula noong Hunyo 26, 1995 sa Brussels, Belgium. Maraming liko't ikot ang dinaanan ng pag-uusap. Bunga ito ng magkatunggaling pananaw ng PDPP at GRP sa mga fundamental na usaping panlipunan, sa mga ugat ng gera sibil

at mga paraan ng pagresolba ng mga ito. May ilang ulit ding diniskaril ng GRP ang usapan dala ng paggigiit na isuko ng PDPP ang rebolusyonaryong integridad nito at mga paglabag sa JASIG tulad ng pagdakip sa mga konsultant ng PDPP na sina Sotero Llamas at Danilo Borjal. Ang pinuno mismo ng panel ng GRP, si Howard Dee, ang isa sa pangunahing tagalako ng tahasang pagpapasuko sa PDPP.

Nitong Marso 16—pagkaraan ng 21 buwan ng masinsin at masalimuot na negosasyon—nilagdaan ng dalawang panel ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas. Pinirmahan ito ni Kasamang Mariano Orosa, tagapangulo ng Pambansang Konseho ng PDPP, noong Abril 10 at ni Pangulong Estrada noong Agosto 7.

Kasabay ng paglagda sa Kasunduan, nireorganisa ni Estrada ang panel ng GRP. Kapansin-pansin ang lalong paglakas ng tinig ng mga pasipikasyunista sa bagong panel bunga ng pananatili ni Howard Dee bilang pinuno ng panel at pagpasok nina Sen. Franklin Drilon at Sen. Rodolfo Biazon. Hindi nagtagal at humakbang sila para sagkaan ang implementasyon ng Kasunduan sa mga Karapatang-tao at muling nagtangkang lansihin ang PDPP na magpailalim sa pampolitikang awtoridad ng GRP.

Nagtatalo ang loob ng mga reaksyunaryong naghaharing uri sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Para patuloy na umusad ang negosasyon, kailangang gumawa ang GRP ng mas makabuluhang pagpapakita ng sinseridad at kaseryosohan tulad ng tunay na pagpapatupad ng Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-Tao. Salungat dito ang mga sagadsaring kontra-rebolusyonaryo laluna ang mataas na kumand ng AFP at PNP na abala sa pagpapaigting ng pananalakay sa mga larangang gerilya ng BHB at lalong pagpapalawak ng pagmamanman sa mamamayan.

Sa kabilang banda, may mga seksyon ng mga reaksyunaryong naghaharing uri na patuloy na tumitingin sa usapang pangkapayapaan bilang pansansala sa galit ng masang labis na naghihikahos at pinahihirapan at pampalubag sa agam-agam ng mga dayuhang mamumuhunan. Sa anu't anuman, nahaharap sila sa lumalawak na paglaban ng masa ng sambayanan at pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka bunga ng Ikalawang Dakilang Kilusang

## mula sa pahina 4

na walang ibang silbi kundi ang maging taga-abswelto ng GRP at mga ahensya nito.

Kaugnay pa rin ng pagbubuo ng Komite, may resolusyon ang PDPP na magtatayo sa loob at labas ng bansa ng mga tanggapang pangkarapatang-tao. Ito ay mapaiilalim sa pangangasiwa, kontrol at direksyon ng mga kagawad ng PDPP na nasa Komite.

Isinasaad sa Kasunduan na kagyat itong ipatutupad

matapos pagtibayin ng mga prinsipal ng dalawang panig. Ang paglagda rito ay nangangahulugan ng walang-pasubaling kahandaang ipatupad ang mga probisyon nito.

Isinasaad rin na ang dalawang panig ay magsasabalikat ng magkakahiwatalay na tungkulin at responsibilidad para itaguyod, pangalagaan at ipalaganap ang mga karapatang-tao at prinsipyong internasyunal na makataong batas alinsunod sa kani-kanyang mga prinsipyong sa pulitika, mga organisasyon at katayuan. **AB**

# Pagtataguyod sa Rebolusyonaryong Integridad ng PDPP sa Usapang Pangkapayapaan



**M**alinaw ang espesyal na adyenda ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa usapang pangkapayapaan: **Nais nitong lansihin upang pasukuin ang Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas (PDPP).**

Kasalungat nito ang layunin ng PDPP. Lumalahok ito sa usapang pangkapayapaan upang isulong ang interes ng masa at lutasin ang mga saligang suliranin ng bayan bilang susi sa pagkamit ng matagalang at makatarungang kapayapaan. Kaakibat nito, kailangang ipagtanggol at itaguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang pampulitikang integridad nito at, sa gayon, ipagtanggol at itaguyod ang saligang karapatan ng bayan na magrebolusyon laban sa pagsasamantala at pang-aapi at pangalagaan at isulong pa ang mga tagumpay na nakamit sa 30 taon ng masikhay na pakikibaka. Habang hindi binibitiwan ang rebolusyonaryong paninindigan nito, patuloy na nakikipaglaban ang PDPP sa larangan ng negosasyong pangkapayapaan upang magkamit ng mga tunay at makabuluhang konsenseong pabor sa mamamayan.

Sa proseso ng usapan, puspusang nahaharap at nalalantad ang pagkukunwari ng GRP habang patuloy na napatitingkad ang sinseridad ng pambansa-demokratikong kilusan.

## *mula sa pahina 5*

### Pagwawasto.

Sa kanilang todong kolaborasyunismo at mabilis na pagkalansag, ang mga kontra-rebolusyonaryong rebisyunistang taksil ay lubos nang nawalan ng anumang kabuluhan sa takbo at hinaharap ng usapang pangkapayapaan. Gayunman, hindi sila tumitigil sa pang-iintriga at pag-atake sa Partido, BHB at PDPP, at sa paghahayag ng pagkatig sa reaksyunaryong gubyerno at mga pasipikasyunista laban sa armadong rebolusyonaryong kilusan, pagdating sa usapin ng negosasyong pangkapayapaan.

Kasuklam-suklam ang kanilang pakikipagkutsabahan kay Imelda Marcos at Joseph Estrada para pagkaitan ng

## Konstitusyunal na Balangkas ng GRP

Gawi na ng sinumang reaksyunaryong papet na nakaupo sa Malakanyang na kasangkapanin ang usapang pangkapayapaan para sa kanilang mga pangangailangang taktikal at pulitikal.

Bilang “minor yang presidente,” si Fidel Ramos ay agresibong gumamit sa usapan upang pabanguhin ang sarili, palawakin ang kanyang maniobra sa pulitika, at palakasin ang kanyang kontrol sa sentro ng estado poder. Samantala, ang rehimeng Estrada ay naghahap ng puwang na makamaniobra sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga oportunidad sa usapang pangkapayapaan pagkaraang salubungin ito ng patung-patong na problema sa ekonomya at pinansya at dumugin ng mga pagbatikos sa pasyang bigyang-parangal si Marcos.

Dahil pare-parehong walang matinong adyenda sa usapang pangkapayapaan, ang kasalukuyan at dalawang nakaraang papet na rehimeng madalas na bumabalang sa krudong paggigiit sa reaksyunaryong konstitusyon ng GRP at kasingkrudong sapilitang paghingi sa pagpapailalim ng PDPP doon. Matatag namang ipinagtatanggol ng PDPP ang integridad nito bilang rebolusyonaryong pwersang may sariling konstitusyon at programa.

Nang lagdaan ng mga prinsipal ng magkabilang panig ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas,

indemnipikasyon at katarungan ang malaking mayorya ng mga tunay na biktima ng mga pasistang kahayupan ng diktadurang Marcos.

Hindi kailanman bibitiwan ng PDPP ang rebolusyonaryong inisyatiba nito para itaguyod ang mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas alang-alang sa saligang kapakanan ng sambayanan at bilang hindi maiwasang hakbang sa pagharap sa mga saligang ugat ng gera sibil. Ang rebolusyonaryong kilusan ay hindi rin mahahadlangan ng anumang paninira at maniobra ng GRP at iba pang kontra-rebolusyonaryo sa matatag na pagsusulong ng rebolusyonaryong adyenda para sa tunay, makatarungan at matagalang kapayapaan. **AB**

muling iginiit ng mga elemento ng GRP na tutol sa usapang pangkapayapaan ang usapin ng konstitusyunal na balangkas ng GRP. Pinakamasugid si Ambassador Howard Dee sa pagpupumilit na ang konstitusyon ng GRP ang gawing balangkas sa pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan at sa implementasyon ng Kasunduan. Samantala, inianunsyo ni Exec. Sec. Ronaldo Zamora na hindi kikilanlin ng GRP ang mga obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduan kung hindi itutuloy ang negosasyong pangkapayapaan alinsunod sa mga maka-isang panig na kundisyon ng GRP.

Noong huling linggo ng Oktubre, mas garapal ang pananabotahe ni Sen. Franklin Drilon, isa sa mga bagong talagang myembro ng panel ng GRP. Pinamunuan niya ang isang pangkat na tumungo sa The Netherlands upang igiit sa PDPP na hindi kayang maiapatupad ng GRP ang Artikulo 4 ng Ikatlong Bahagi at Artikulo 6 ng Ikaapat na Bahagi ng Kasunduan. Pumapatungkol ang mga nasabing probisyon ng Kasunduan sa masusing imbestigasyon at paglilitis sa mga taong lumalabag sa mga karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas. Hinihingi rin ng mga probisyon ang indemnifikasiyon sa mga biktima ng mga paglabag.

Ayaw pumayag ng GRP na maging katuwang ang PDPP sa pagpapatupad ng mga artikulong ito. Tutol ang GRP na ang PDPP ang siyang maglilitis sa kaso ng mga tauhan ng Armed Forces of the Philippines na maaaring madakip ng Bagong Hukbong Bayan.

### **Pagtatanggol sa Rebolusyonaryong Integridad**

Ang paggigiit ng GRP sa reaksyunaryong konstitusyon nito bilang balangkas sa usapan ay pagbalewala sa mga nauna nang kasunduang pinagtibay na ng magkabilang panig

Malaon nang niresolba ng Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague ng 1992 ang usaping ito. Isinaad sa deklarasyon na tanging mga prinsipyong katanggap-tanggap sa magkabilang panig ang gagabay sa usapang pangkapayapaan. Salungat sa Pinagsamang Deklarasyon ang pagpataw sa konstitusyon ng GRP bilang balangkas sa usapan. Ipinapalagay ng Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague na ang PDPP at GRP ay may mga sariling konstitusyon itinataguyod sa kani-kanyang territoryo.

Ang ganitong pagpupumilit ng GRP ay salungat sa likas na katangian at layunin ng negosasyong pangkapayapaan. Subalit patuloy na nilalabag ng GRP ang pinagsamang deklarasyon..

Samantala, maraming probisyon ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas na malinaw na nagbabasura sa mga argumento ng GRP.

Kabilang dito ang:

*Art. 3, Ikalawang Bahagi:* “Itataguyod, pangangalagaan at palalaganapin ng mga Partido ang buong saklaw ng mga karapatang-tao, kabilang ang mga karapatang sibil, pulitikal, pang-ekonomya, panlipunan at kultural. Sa pagtalima sa gayong obligasyon karampatang konsiderasyon ang ibibigay sa kani-kanyang mga prinsipyong pulitika at sirkunstansya ng mga Partido.”

*Art. 1, Ikaapat na Bahagi:* “Sa pagpapatupad ng kanilang mga likas na karapatan, ang mga Partidong nasasangkot sa armadong tunggalian ay tatalima at mapapaloob sa mga prinsipyong pamantayan ng internasyunal na makatong batas na katanggap-tanggap sa karamihan.”

*Art 1, Ikaanim na Bahagi:* “Ang mga Partido ay patuloy na aako ng magkakahiwalay na tungkulin at responsibilidad para itataguyod, pangalagaan at palaganapin ang mga karapatang-tao at mga prinsipyong internasyunal na makataong batas alinsunod sa kani-kanyang mga pampolitikang prinsipyong, mga organisasyon at sirkunstansya hanggang malutas ang armadong tunggalian.”

*Art.3, Ikaanim na Bahagi:* “...Anumang pagtukoy ng Kasunduan sa mga tratadong nilagdaan ng GRP at sa mga batas at mga ligal na proseso nito ay hindi makasisira sa anumang paraan sa integridad sa pulitika at organisasyon ng PDPP.”

Ang mga probisyong ito ay pawang pinakaisahan ng dalawang panig pagkaraan ng matagal, masalimuot at mahirap na negosasyon. Ang mga ito ay nagdadagdag ng kinang sa rebolusyonaryong integridad ng PDPP na patuloy na nananalig sa armadong pakikibaka ng masa ng sambayanan.

Habang nagtatangka ang GRP na pasukuin ang PDPP sa usapang pangkapayapaan, tumingkad ang katumpakan ng wastong pagdadala ng rebolusyonaryong kilusan sa negosasyon. Ibayong nagtagumpay ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pagtaguyod sa kawastuan ng armadong pakikibaka bilang pangunahing forma ng pakikibaka na lulutas sa sosyo-ekonomikong krisis sa Pilipinas. Kaalinsabay nito, tanging sa balangkas ng matataq na pagtatanggol sa rebolusyonaryong integridad, maaaring mapanghawakan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang negosasyong pangkapayapaan bilang dagdag na larangan ng pagtatanggol sa mga saligang karapatan at kapakanan ng masa ng sambayanan.

Mayroon man o walang usapang pangkapayapaan, nananatili ang rebolusyonaryong integridad ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan sa masikhay na pagsusulong ng rebolusyon na siyang naghahawan ng landas sa pagkakamit ng tunay at makatarungang kapayapaan para sa sambayanan. **AB**

# DALAWANG PAHAYAG

ni Jose Maria Sison

Pangunahing Pampulitikang Konsultant

Negotiating Panel ng PDPP

## PAHAYAG HINGGIL SA MGA PAGHAHABOL KAUGNAY SA KARAPATANG-TAO SA ILALIM NG ARTIKULO 5, IKATLONG BAHAGI NG CARHRIHL\*

Ang tanging upisyal na dokumento na nag-oobliga sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas na magbigay-indemnipikasyon sa mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Marcos ay ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas, partikular ang Artikulo 5, Ikatlong Bahagi nito.

Kung tatalikuran ng GRP ang mga obligasyon nito sa ilalim ng nasabing probisyon, tiyak na lubusan at tuluyan nang babagsak ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at PDPP.

Napakasama at napakaiskandaloso na habang natutubos na ng mga Marcos at pinakamalalaking kroni nila ang nakaw na yaman mula sa pagkasekwester, pilit na ibinabangga ng rehimeng Estrada ang Amerikanong abugadong buwitre (na si Robert Swift\*\*) laban sa SELDA upang malusutan ang malinaw na obligasyon ng GRP sa ilalim ng Kasunduan.

Ang paglabag ng GRP sa Kasunduan ay dagdag na nagbibigay-katwiran sa digmang bayang inilulunsad ng mga rebolusyonaryong pwersa. Makatatamo ang mamamayan at mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao ng pinakamalalaking kasiyahan sa mapagparusang katarungang makakamit mula sa digmang bayan.

\*Halaw sa pahayag noong Setyembre 29, 1998

\*\*Si Swift ay dating abugado ng SELDA (Samahan ng mga Ex-Detainee Laban sa Detensyon at para sa Amnesiya) na nagsasarili sa paghahabol ng kompromisong pakikipagkasundo sa mga Marcos kaugnay ng indemnifikasiyon sa mga biktima ng mga abuso ng bumagsak na pasistang diktadura. Nais niyang kumubra ng bayad sa kanyang serbisyo sa pag-abugado na halos kwarenta porsyento ng kabuuang halagang makukuha ng mga biktima. Kasalukuyan siyang abugado ng Claimants 1081, isang munting grupong ibinabangga ang sarili sa SELDA at umaangkin sa papel ng lehitimong kinatawan para pagkaitan ng katarungan ang malaking mayorya ng mga tunay na biktima ng diktadurang Marcos.

## HINDI TUTUPPIN NI ESTRADA ANG KANYANG PANGAKO\*

Kaduda-duda kung totoong may balak si G. Joseph Estrada na ipatupad ang kanyang pangako na bigyang-indemnipikasyon ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao... Mayoong hindi kukulangin sa limang palatandaan....

Una, bilang paglabag sa Pinagsamang Deklarasyon ng The Hague, iginiit (ni Estrada) ang pagsuko ng PDPP sa konstitusyunal na balangkas ng GRP bilang kundisyon... sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan ng GRP-PDPP at pagpapatupad ng Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas...

Ikalawa, ibinabangga mismo ni Estrada si Robert Swift laban sa SELDA bilang lehitimong kinatawan ng mga biktima ng diktadurang Marcos...

Ikatlo, imbwelto (rin) si Estrada sa sarswela ng pamilyang Marcos kung saan urong-sulong si Imelda sa pag-alok ng benepisyo sa mga biktima ng diktadurang Marcos, at pumupostura naman si Estradang humihiling ng higit pa sa inaalok ni Imelda....

Ikaapat, nangako si Estrada na bibigyang-indemnipikasyon ang mga biktima ng Batas Militar para magpasikat at ibaling ang atensyon ng publiko mula sa iskandalosong katotohanang nababawi na ng pamilyang Marcos at ng pinakamalalaking kroni nito ang kumpiskado nilang kayamanan at muli na silang tumatamasa ng mga pribilehiyo para ibayong pagsamantahan ang mamamayan at dambungin ang ekonyoma.

Ikalima, pinanatili si Howard Dee bilang pinuno ng *negotiating panel* ng GRP dahil sa kanyang masamang gawi na piliting sumuko ang PDPP at ideklara ang pagbagsak at walang-taning na suspensyon ng mga formal na pulong sa usapang pangkapayapaan ng GRP-PDPP.

Malinaw sa itinakbo ng panahon na hindi sinsero ang naging pakikitungo ng rehimeng Estrada sa PDPP. Dapat maghanda ang rebolusyonaryong mamamayan sa pag-igting ng armadong kontra-rebolusyon ng rehimeng US-Estrada. Ang rehimeng ito ay sadyang hindi makapagbibigay-katarungan sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Marcos; bagkus ay gagawa pa ito ng ibayong paglabag sa karapatang-tao.

\*Halaw sa pahayag noong Setyembre 13, 1998